



Pagplano ng pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga bata

Bilang magulang o tagapag-alaga, may ilang bagay na mahalaga na isasaalang-alang bago mo dalhin ang iyong anak para sa kanyang bakuna laban sa COVID-19 upang gawin itong isang positibong karanasan para sa kanya.

Alam namin na walang batang gusto ng mga iniksyon. Kung ang iyong anak ay balisa tungkol sa pagpapabakuna, magplano nang maaga at ang pakikipag-usap sa kanya ay maaaring makatulong. Narito ang ilang mga bagay na maaari ninyong pag-usapan / pag-isipan ng inyong anak:

Bago bakunahan

- **Kailan** niya mas gustong magpabakuna, hal. unang gagawin sa umaga o hapon o baka sa Sabado't Linggo.
- **Sino** ang gusto ng batang pasamahin sa kanya para siya ay suportahan? Ito ay maaaring ang tao na makakasama ngunit maaari ring ito ay ang tao na lubos na makakapagpakalma sa kanya.
- **Ano** ang gustong dalhin ng bata para maging mas komportable siya o magpawala sa isip niya, hal. musika, mga laruan, iPad, atbp. Maaari mo ring kausapin ang iyong anak tungkol sa mga istrategyang pampakalma bago magpabakuna. Ang mga pamamaraan sa paghinga nang malalim ay maaaring gamitin bilang istrategya sa pagkaya upang tulungan ang mga bata na kontrolin ang kanilang emosyon at mabawasan ang kanilang takot sa pagbabakuna.
- **Ikaw** at ang iyong anak ay kailangang pag-isipan ang pinakamabuting kapaligiran kung saan maaaring bakunahan ang iyong anak.
- **Basahin** ang impormasyon sa pagbabakuna at kausapin ang inyong GP o iba pang tagapagbigay ng healthcare (pangkalusugang pangangalaga) kung ikaw ay may anumang mga tanong bago dumating ang araw ng pagbabakuna. Maaaring nais mong tingnan ang mga tanong tungkol sa COVID-19 sa [VaxFacts na naitanong at nasagutan na](#).

Sa oras ng pagbabakuna

- **Magdala ng anumang** mga suporta sa appointment (halimbawa, ipad, musika o laruan).
- Maglayong **magbigay ng kalmadong** kapaligiran. Dapat bawasan ang bilang ng mga tao sa kuwarto/cubicle sa mga tao lamang na kailangan upang suportahan ang bata. Dapat bawasan ang ingay at liwanag.
- Tiyaking ang **bata ay kalmado at may kontrol**. Sa halip na sabihan ang bata ng kailangan niyang gawin upang *"huwag kumilos"*, bigyan siya ng tungkulin *"ang iyong espesyal na gawain ay huwag igalaw ang iyong braso na parang sa estatwa"*. Hayaan siyang pumili: "Gusto mo bang tingnan o tumingin sa iba?"





- **Gumamit ng positibong** mga salita na angkop sa edad upang pasalamatan at purihin ang bata sa kanyang pakikiisa. Sikaping kilalanin at patunayan ang mga nadarama at pagtugon ng bata, (*“Nakikita kong medyo kakaiba ito para sa iyo”*) sa halip na bale-walain (*“hindi iyan masakit, hindi ito nakakatakot”*).
- **Hawakan nang angkop ang bata.** Tiyaking siya ay komportable at sinusuportahan. Ang angkop na mga posisyon ng paghawak ay kinabibilangan ng isang taong humahawak sa braso na iiniksiyunan nang hindi pumipigil sa pagkilos ng ibang bahagi ng katawan ng bata habang ang bata ay nakaupo. Magagawa nitong makapagbigay ng ginhawa sa pamamagitan ng paghawak kung saan ang braso ng taong nasa hustong gulang ay nasa mga balikat ng bata o hinahawakan ang mga kamay ng bata.

Matapos ang pagbabakuna

- Ngitian, palakasin ang loob at purihin ang bata
- Hilingan ang bata ng komento at gamitin iyon upang iakma ang plano para sa susunod (*“ano ang naramdaman mo?”*)
- Mag-alok ng premyo sa nagawang magaling na gawain.

Ang tema para sa bakuna laban sa COVID-19 para sa mga bata sa Victoria ay ang **“nabalaning gubat ng proteksyon”**, na may mga laruan at laro at larawan upang tumulong na gawing positibo ang karanasan sa pagpapabakuna para sa iyong anak. Mayroon ding iba't ibang antas ng mga serbisyong makukuha para sa appointment sa pagbabakuna ng iyong anak. Ang listahan sa ibaba ay maaaring makatulong sa iyo na magpasya kung saan at paano ang pag-iskedyul batay sa mga pangangailangan ng iyong anak.

Ang listahan sa susunod na dalawang pahina ay may impormasyon kung paano ka makakapag-ayos ng pagbabakuna para sa iyo at sa iyong anak. May iba't ibang landasin sa pagbabakuna depende kung gaano katiwala at kakomportable kayo ng iyong anak sa pagpapabakuna.





| Ikaw at ang iyong anak | Inirekomendang appointment | Paano ang pag-iskedyul |
|---|--|--|
| <ul style="list-style-type: none"> Ay matiwala tungkol sa pagpapabakuna laban sa COVID-19 | <ul style="list-style-type: none"> Kalahok na mga klinika ng doktor, botika, sentro/ hub ng bakunahan ng estado o Aboriginal Community Controlled Health Organisation | <p>Vaccine clinic finder o tawagan ang Coronavirus hotline 1800 675 398.</p> |
| <ul style="list-style-type: none"> Kailangan ng karagdagang mga suporta (mga kagamitang pamawi ng nararamdaman at mga panggambala gaya ng mga virtual reality headset) sa araw na iyon dahil hirap siyang makayanan ang mga bagay-bagay na ito Kailangan ng karagdagang suporta dahil sa natatanging mga pangangailangan Ay madaling nasosobrahan sa mga lugar na may maraming tao Ay takot sa mga iniksyon | <ul style="list-style-type: none"> Ang iyong anak ay maaaring pinakamabuting mabakunahan sa mga sentro/hub ng bakunahan ng estado na may access sa kapaligirang low sensory (may mababang istimulasyong pandamdang) na may mga suporta para sa bahagyang pagkabalisa sa iniksyon. Nag-aalok kami ng partikular na mga klinikang low sensory. Ang mga ito ay nakalista sa https://www.coronavirus.vic.gov.au/vaccination-information-people-disability | <p>Vaccine clinic finder o tawagan ang Coronavirus hotline 1800 675 398 upang magpaiskedyul sa isa sa mga hub ng bakunahan</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mga pangangailangan ng iyong anak sa inyong GP o sa isang Disability Liaison Officer (DLO) na maaaring makatulong sa paghahanda, at pag-iskedyul ng angkop na appointment para sa pagbabakuna. |





| Ikaw at ang iyong anak | Inirekomendang appointment | Paano ang pag-iskedyul |
|--|---|--|
| <ul style="list-style-type: none"> • Ay takot na takot sa iniksyon • Kailangan ng tulong sa pagpapabakuna • Nagamit na ang lahat ng iba pang opsyon o dating mga pamamaraan sa pagpapabakuna • Kailangang bakunahan sa bahay. Ang serbisyong ito ay bukas para sa mga tao na may: <ul style="list-style-type: none"> o pinsala, talamak na isyu sa kalusugan, o kahinaan na umaapekto sa pagkilos o katamtaman hanggang malubhang kapansanang pisikal o psychosocial (sikolohikal at panlipunan) o katamtaman hanggang malubhang kalusugang pangkaisipan o mga isyu ng pag-aasal na wala sa kategorya ng kapansanang psychosocial o mga responsibilidad ng tagapag-alaga o para sa isang taong may katamtaman hanggang malubhang kapansanan. | <ul style="list-style-type: none"> • Pagsangguni sa pamamagitan ng GP o DLO sa Victorian Specialist Immunisation Service. • Kung kailangan ng mga tao, sila ay maaaring mag-iskedyul ng pagbabakuna sa bahay. | <p>Talakayin ang mga pangangailangan ng iyong anak sa inyong GP o sa isang Disability Liaison Officer (DLO) na maaaring makatulong sa paghahanda, at pag-iskedyul ng angkop na appointment sa pagbabakuna (Mangyaring tingnan ang 'Iba pang mga suporta' sa ibaba para sa paglalarawan ng serbisyo.)</p> |

Iba pang mga suporta

- **Ang suporta sa pagbabakuna para sa mga taong may kapansanan o natatanging mga pangangailangan:** [Ang mga Disability Liaison Officer](#) (DLO) ay maaaring makatulong sa mga magulang sa paghahanda at pag-iskedyul ng angkop na appointment sa pagbabakuna.
- **Impormasyon at mga pangsuportang opsyon sa pagbabakuna:** ang pangkalusugang mga tanong tungkol sa COVID-19, kabilang ang pag-access sa mga kabayaran ng Estadong Pampamahalaan ng Victoria, ay maaaring ma-access sa pamamagitan ng Coronavirus hotline sa 1800 375 398, mula sa simula ng Enero.
- **Victorian Aboriginal COVID-19 Information line:** nagbibigay sa mga miyembro ng Aborihinal na komunidad ng pag-access sa mga kawaning Aborihinal na maaaring makasagot sa mga tanong tungkol sa COVID-19, pagpapabakuna at pagdirekta ng mga tumatawag sa makukuhang suporta na kailangan sa pamamagitan ng pagtawag sa 1800 312 911 (9:00 ng umaga-5:00 ng hapon, 7 araw sa isang linggo).

